

# CHAPTER ONE

*A*t last, after eight long years, wala na rin totally si Clara sa buhay namin. Wala nang kontrabida. *Now we can start anew.* Ito ang nasa isip ni Carlos habang lulan siya ng eroplano pabalik sa Pilipinas matapos ang ilang taong pamamalagi sa Amerika. Ilang oras pa ang dumaan at nasa *Ninoy Aquino International Airport* na siya.

Sa arrival area ay nakita ang mukha ng pinsang si Randy na masayang sumasalubong sa kanya.

“Welcome home, ‘Insan!” bati nito. “It has been such a long time!”

“Don Randolpho Zalamea!” biro niya. “Oo nga, it feels good to be home again. Finally, I’m here... for good!” Nagyakap ang magpinsan.

Ang ganda nilang tingnan. Parehong guwapo, mestizo, matatangkad, well-built at pareho ring magandang magdala ng damit. Magkahawig sila; mas matangkad nga lang nang kaunti si Carlos kay Randy na mas matanda sa kanya ng isang taon.

Magkapatid ang ama ng dalawa. Maagang naulila sa ama ang kanyang pinsan. Magmula noon ay kinupkop na si Randy, kasama ang ina nito, ni Don Andres Zalamea, ang ama ni Carlos. Dahil parehong solong anak, itinuring na nilang kapatid ang isa’t isa.

“O, bakit? Is something wrong? Ang Tia Julia? Ang Papa?” Bigla siyang nag-alala nang makitang lumungkot ang expression nito.

“Wala. There’s nothing wrong. Ikaw naman kasi, bakit nagtago ka pa. Kung tinanggap mo ba ang mga letters ni Tío Andres, eh, di sana updated ka ngayon sa latest news. Kasalanan mo rin kaya magdusa ka!” Sinadya nitong bigyan siya ng palaisipan. “You’ll have to wait till we get home para malaman mo’ng mga new developments. There’s a big surprise waiting for you. O, let’s go at baka abutan pa tayo ng teribleng traffic!”

Habang daan ay hindi maalis sa isip ni Carlos ang tungkol sa mga pagbabagong binanggit ng pinsan. Hindi rin napigilang sumagi sa isip niya ang pangyayari noon na excited din siyang malaman ang sorpresang naghihintay sa kanya.

*Oh, God, please, huwag naman po sanang katulad ng dati. Please let it be a pleasant surprise this time, dasal niya.* Na-interrupt ang kanyang pag-iisip nang magsalita ulit si Randy.

“I expected you to come home sooner. Last year pa, pagkatapos mamatay ni—”

Hindi niya hinayaang banggitin nito ang pangalan ni Clara. “Well, I wanted to be totally rid of her kaya hinintay ko munang matapos ang babang-luksa niya. Now, it’s sort of official—wala na talaga siya. Huwag na nga nating pag-usapan ang babaeng

'yon! Kahapon na ang last day niya sa buhay ko. Now everything will go on as if wala akong nakilalang Clara Padua Espiritu sa buong buhay ko."

SA WAKAS ay narating ng magpinsan ang mansion ng mga Zalamea, isa sa pinakamalalaking bahay sa isang exclusive subdivision sa Makati na halos pulos old rich ang nakatira. Para itong palasyo sa lawak ng bakuran at laki ng bahay.

Pagkababa ni Carlos sa sasakyan, pinagmasdan muna niya ang paligid bago siya nagtuloy sa loob ng malaking bahay; nakaramdam siya ng pangungulila. Lahat kasi roon ay nagpapaalala sa nasirang si Doña Trinidad o Doña Trining, ang kanyang ina. Lahat, ultimong ang blue grass na ground cover ng malawak na bakuran ay personal na pinili ng mama niya.

*It's strange na parang kahit isa, walang nabago dito, naisaloob ni Carlos. Wala ni isang pirasong nai-contribute o inalis si Clara sa bahay na ito. It's as if she never lived here! Well, at least, I will not have to put up with anything na puwedeng magpaalala sa akin sa kanya.*

"Carlos, Hijo! Bienvenido, Hijo! Bienvenido!" masiglang bati ni Doña Julia habang papalapit sa kanya; niyakap siya nito nang mahigpit. "Kay tagal nating hindi nagkita! Ang laki na ng ipinagbago mo! Hindi ka na mukhang totoy ngayon!"

Hinalikan niya ang tiyahin sa noo bilang pagbibigay-galang dito. "At ikaw naman, Tia,

ay walang ipinagbago. Maganda ka pa rin tulad ng dati." Inakbayan niya ito, nagpalinga-linga at sinabing, "Ang Papa? Alam ba niyang darating ako? But before anything else, I have to ask... what's this big surprise that Randy told me? *Por favor*, Tia, ikaw na ang magsabi sa akin," malambing niyang hiling.

Bahagyang natigilan ang matanda bago nakapagsalita. "Bueno, Hijo, mabuti na nga sigurong malaman mo ngayon at nang maihanda mo'ng sarili mo."

May kabang namuo sa kanyang dibdib pero minabuti niyang manahimik na muna at patapusin ang tiyahin sa sasabihin nito.

"Huwag ka sanang mabibigla, Carlos," patuloy nito. Lalong tumindi ang kaba niya sa dibdib. "Ang iyong papa ay... nag-asawang muli."

Tila nabingi siya sa narinig. *Dios! Dios mio!* *Lord, no!* Sandali siyang nalito at parang *déjà vu* ang nangyari sa kanya. Halos ganitung-ganito rin ang nangyari noon sa hacienda. "Tia, anong klaseng biro ba ito?" galit pero pilot ang ngiting tanong niya. "Pati ba naman ikaw ay magbibiro sa akin nang ganito? Alam mo naman ang nararamdaman ko sa bagay na 'to," nagtatampong sabi niya.

"Ikinalulungkot ko, Carlos, *lo siento* pero totoo ito at hindi isang masamang biro lang." At hinawakan nito ang pamangkin sa braso nang may pahiwatig na labis na kalungkutan at pang-unawa sa nadarama

niya.

“Nas’an ang Papa? Nasaan siya!”

Galit na susugurin na sana ni Carlos ang silid ng ama pero hinigpitan ni Doña Julia ang pagkakahawak nito sa kanyang braso. Nagngingitngit siya habang iniisip kung ano ang nasasaisip ni Don Andres sakaling nakikita sila nito mula sa likod ng one-way mirror na nagsisilbing partition ng silid nito at ng sala kung saan sila naroroon.

“Carlos! Huminahon ka, Hijo. Dapat mong malaman na ang iyong papa ay mahina na at hindi na dapat bigyan ng anumang isipin. Ang isa pa’y napagod siya nang labis sa ginawang handaan kahapon para sa babang-luksa ni Clara. Magpakahinahon ka muna at saka mo siya puntahan at kausapin,” nagsusumamong hiling nito.

Kumawala siya sa pagkakahawak ng tiyahin at pinilit na magpakahinahon. Pumasok siya sa sala ng master’s suite at saka tumuloy sa pinaka-bedroom niyon. Balak sana niya ay sumbat ang ibati sa ama pero bigla niyang nakalimutan iyon sa nakitang anyo nito.

Nakahiga si Don Andres na mukhang natutulog. Ang laki ng itinanda ng hitsura nito. Ang dating masigla at puno ng buhay nitong katawan ay payat na ngayon at mukhang mahina pa; puting-puti na rin ang buhok ng don at may mga wrinkles na ngunit di pa rin natakpan ang likas na kagandahang-lalaki nito.

Napalitan ng awa ang galit na kanina lang ay nadama niya. "Papa!" Lumapit siya at lumuhod sa tabi ng ama na nagmulat naman ng mga mata.

"Carlos! *Hijo mio!* Ikaw nga ba 'yan?" di-makapaniwalang tanong ni Don Andres. Hindi ipinaalam nina Doña Julia rito ang pagdating ng anak dahil baka hindi matuloy at ma-disappoint lang ito o kaya ay hindi nito makayanan ang sobrang excitement ng paghihintay.

"Si, Papa. Ako nga ito. Nandito na ako," sagot niya kasabay ng paghalik sa noo nito. "Kumusta ka na?"

Mangiyak-ngiyak ito nang magsalita. "Kay tagal kitang hinintay, Hijo. Kay tagal kong nanabik na bumalik ka at marinig muli ang iyong tinig." Naupo ito at niyakap ang anak. "Carlos, anak ko!" masayang bulalas nito. "Bueno, ngayong narito ka na, mabuti na ako. Mabuti na ang pakiramdam ko."

Nasiyahan naman siya nang makitang mukhang okay na nga ito. "Sige, Papa, magpahinga na kayo at mag-aayos na muna ako. Kararating ko pa lang at gusto ko ring magpahinga. Tatal ay marami pa tayong pagkakataong mag-usap. *Buenas tardes, Papa. Hasta esta noche.*"

"Welcome back, Hijo. Hanggang mamayang gabi."

Tumalikod na siyang papalabas ng kuwarto. Maluha-luha rin siya; ngayon lang niya na-realize

kung gaano niya na-miss ang kanyang papa. Hindi siya tumuloy sa silid niya para magpahinga, sa halip ay binalikan ang mag-inang nasa sala pa rin at naghihintay sa kanyang paglabas.

“Sino ang babae, Tia? Saang impiyerno naman galing ang isang ‘to at bakit gan’on si Papa ngayon? Ano ang sakit niya?” sunud-sunod na galit na tanong ni Carlos.

“Walang makitang anumang karamdaman ang mga espesyalista, Carlos,” tugon ni Doña Julia. “Hindi malaman kung ano ang dahilan kung bakit unti-unting nanghihina ang katawan ni Kuya Andres; marahil raw ay may dinaramdam o iniisip. Mas malamang daw na emosyonal kaysa pisikal ang sanhi n’on. Tungkol naman sa bago mong madrasta, wala kaming gaanong alam maliban sa dinala siya rito ng iyong papa na asawa na niya... katatapos pa lang ang pasiyam para kay Clara.”

“*Por Dios!* Ano ‘ka n’yo, Tia?” Saglit siyang napapikit. “Anong kahangalan ba ito? What is he trying to prove?”

“Mabait naman ang iyong bagong madrasta, Hijo, maasikaso siya sa iyong papa. Sa tingin ko nga’y... tunay na mahal niya ang ama mo,” pagtatanggol nito sa babae.

“That’s bullshit! Dispensa, Tia, pero hindi ako naniniwala. At si Papa! Mukha bang naasikaso siya? He looks terrible! At nasaan ang magaling na babaeng

ito?" tiim-bagang na tanong niya.

"Nasa Makati," sagot ni Randy na parang biglang natauhan nang may maalala. "Susunduin ko nga pala siya. You see, naka-enroll siya ngayon sa *John Robert Powers* para sa isang intensive personality development course. Muntik ko nang makalimutan! Thanks for reminding me. Gotta go!" anito, sabay talikod at nagmamadaling lumabas ng bahay na hindi hinintay ang magiging sagot ng pinsan na lalong namula sa galit.

*Personality development Course! Siguro walang kaperso-personality ang gaga kaya kailangan pang i-develop. Hah! At ang kapal ng mukha! Ginawa pang driver si Randy!*

Nag-decide si Carlos na mag-swimming muna sa pool para mailabas ang galit at tampo sa dibdib. Gusto niyang ma-exhaust ang lahat ng kanyang energy sa pag-asang mamamanhid kahit sandali ang isip niya.

Ngunit sa halip na mangyari iyon, naalala niya ang naging dahilan ng kanyang pag-alis sa bansa noong twenty years old pa lang siya....

*"RANDY, MAY IDEA KA BA kung bakit ako pinapupunta ng Papa sa hacienda?" tanong ni Carlos sa katabi sa passenger's seat ng sports car na minamaneho niya habang tinatahak nila ang kahabaan ng highway patungong Quezon.*



*"Wala, 'Insan. Bakit?"*

*"Well, nagtataka lang ako. Why the secrecy? Bakit hindi pa niya sinabi sa phone? Alam naman niyang kailangan ko pang tapusin 'yung thesis ko; masisira ang timetable ko. Ang tagal pa naman ng biyahe ngayon," naiinis na pahayag niya.*

*"Oo, nga, eh. Ang dami kasing nire-repair sa San Pablo. Pero cool ka lang. This will do you good. Dapat naman talaga sa 'yo paminsan-minsan, iwanan mo ang trabaho mo. It'll still be there when you get back. Huwag kang mag-alala, P're. Sigurado namang ikaw pa rin ang gagawa n'on dahil walang ibang magtatangkang pagtiisan ang mga 'yon," nanunuksong sabi nito.*

*"This is no joke, Pare. Sobrang abala sa akin 'to."*

*"Carlos, you know you should take a break once in a while. That's the reason why you often overreact to things; you're so intense. Dapat i-channel mo ang passion mo sa ibang bagay, like sports... or women!"*

*Hindi na siya nag-comment. Ilang sandali pa ay narating na nila ang hacienda ng mga Zalamea.*

*"Okay, here we are! Bababa na ako dito, 'Insan. Ikaw na ang magdala nito sa garahe," sabi niya at saka nilakad ang pataas na driveway papunta sa malaking ancestral home.*

*Hindi kaagad nakapanhik si Carlos sa hagdanan papasok sa bahay dahil nakita niya ang isang batang babaeng nakaupo sa isang baitang niyon. Nakayuko ito at humahagulhol nang mahina pero nagtaas din ng mukha*

nang maramdamang may papalapit.

"O, bakit ka umiiyak?" bati niya sa batang sa tingin niya ay mga doce años na. Cute kid. Pero parang ngayon ko lang 'to nakita dito.

Natagalan bago ito nakasagot. "Kasi po, naaalala ko ang tatay ko. Dadalawang linggo pa lang ho ang nagdaan mula nang mamatay siya. Dati po kasi, pag umaga na'y magkasama na kami at nagbabahog ng mga alaga naming baboy," humihikbing sagot ng dalaginding.

"Pareho pala tayo," sabi niya, sabay upo sa tabi ng bata. "Ang mama ko naman, halos six months pa lang mula nang iwan kami. Alam mo, malungkot nga dahil wala na sila dito pero dapat masaya rin dahil, at least, wala na silang problema, di ba? Katulad ni Mama, halos buong buhay niya'y nahirapan siya sa sakit niya. Di ngayon, nagpapahinga na siya," paliwanag niya. "O, siya, tahan na. Ang ganda-ganda mo pa naman. Hindi bagay sa 'yo ang umiiyak. Uy, ngingiti na daw 'yung dalaga," tukso pa niya.

Sa katutukso ni Carlos ay ngumiti na rin ang bata.

"O, 'ta mo, may dimples ka pa pala! Kung hindi ka nag-smile, di hindi ko pa nakita. Ang cute-cute mo tuloy lalo," sabi niya habang pinapahid ang luha nito.

Itatanong sana niya ang pangalan at kung saan ito nakatira nang lumabas si Nana Tindeng na sabik na sabik na binati siya. Napatayo naman siya at sa pagkakaabalang iyon ay nalipat na ang atensyon niya sa matandang katiwala nila at sa papa niya na kasunod nito.

*"Papa! You look great! Ang laki ng ipinagbago mo!"*  
*masayang bati niya rito.*

*Matapos ang ikaapatnapung araw ng pagkamatay ng ina niya ay nagpunta na si Don Andres Zalamea sa hacienda para magpahinga. Simula noon, hindi pa ito lumuluwas ng Maynila.*

*"Tio!" bati naman ni Randy na kaaakyat lang. Tulad ni Carlos, ito naman ang nagbigay-galang sa don. "Wow! Parang lalo tayong gumuguwapo, ah! Para na lang kayong magkapatid nitong anak n'yo. Kayo'y bumabata, si Carlos naman, nagmumukhang matanda!"*

*Nagpatuloy ang kumustahan at biruan ng tatlo sa azotea ng bahay. Na-a-amuse naman si Carlos sa naririnig din niyang usapan ni Nana Tindeng at ng bata sa may hagdanan.*

*"Naiyak ka na naman bang bata ka?"*

*"Hindi po."*

*"Ano bang hindi at amutik na amutik na 'yang pisngi mo!"*

*Hindi nito pinansin ang sinabi ng matanda, sa halip ay ininguso si Carlos. "Nana, sino po ba 'yon?"*

*"Si Señorito Carlos ba? 'Yung pinakamatangkad? Ay, anak ni Señor Andres 'yan!"*

*"Alam mo, Nana, kay bait niya sa akin!"*  
*nagmamalaking sabi nito.*

*"Ay, oo, Nene, talagang kababait ang mga iyan. Kayayaman at kaguguwapo, mga mestizo, eh! Pero hindi matapobre."*

Pansamantalang binale-wala muna ni Carlos ang naririnig na usapan ng dalawa at binalingan si Don Andres. "So, Pa, why did you send for me? Ano ba 'yon, a surprise? Problema?"

"Well..." panimulang sabi ng don. Bigla ay parang hindi ito mapakali. Hindi muna ito nakasagot at may kinawayan sa loob ng bahay. Lumabas ang isang babae na noon lang nakita ni Carlos.

May-edad na ito pero hindi naman katandaan. Hula niya ay nasa mid-forties na; maamo ang mukha at maganda ito.

Habang papalapit ito ay naisip niyang marahil ay mas bata pa ito kaysa cuarenta; nagmukha lang itong matanda dahil sa nakapusod na itim na buhok. Nakangiti itong nakatingin sa kanya na parang nahihiya.

"Kumain na muna kayo," bungad nito. "Gusto n'yo bang ipalabas natin iyon dito? Mainam nga naman dine sa azotea at preskung-presko."

"Mamaya na po muna, thank you," nakangiting sagot ni Carlos at saka hinarap ulit si Don Andres. "So, Pa, are you going to keep us in suspense?"

"Bueno, Hijo," pasakalye naman ng don na hindi pa rin mapalagay. Itinaas nito ang braso bilang paanyaya sa babae na lumapit dito pagkatapos ay masuyo itong inakbayan. Bumuntong-hininga muna ito bago nagsalita. "Carlos, I want you to meet Clara, ang magiging madrasta mo."

Natigilan siya, hindi makapaniwala sa narinig.

Nanatili siyang nakatitig lang sa mga kaharap. “No, that can’t be true, Papa! Wala pang kalahating taon na namamatay si Mama!” pagtutol niya. Pero sa nakikita niyang ayos ng kanyang papa na nakaakbay pa sa babae ay nagpapatunay na hindi siya nagkamali sa narinig.

“No!” malakas niyang sigaw. “No! Nunca na matatanggap ko ito, Papa! And from now on, hanggang kasama mo pa ang babaeng ‘yan, kalimutan mo munang meron kang anak!”

Pagkasabi niyon ay tumalikod na siya at nagmadaling bumaba ng hagdanan. Nilagpasan niya ang batang kausap kanina na ngayon ay gulat na gulat sa nakitang mga pangyayari.

Ang huling alaala ni Carlos bago siya lumipad patungong States ay ang paghabol ni Don Andres sa kanya at ang paghagulhol ng babaeng kasama nito.

## CHAPTER TWO

**J**pinikit ni Carlos ang mga mata niya para i-blot out ang memory ng araw na iyon.

*What's this you're doing, Papa? In less than two weeks, pinalitan mo na kaagad si Clara?*

*Pero talo lang ako kung magagalit na naman ako't maghihinanakit sa Papa. Kung hindi ako naging emotional noon, I could have done something para hindi natuloy ang kasal. This time, lalaban ako. I know you're up to something, Papa. Hindi ko pa nga lang alam ngayon kung ano, but I intend to find out.*

Nagpatuloy siya sa pagsu-swimming pero napatigil nang mapansing may babae na sa kuwarto ng ama. Bahagyang nakabukas ang glass sliding door ng master's bedroom kaya nakikita niya ang loob ng silid.

Nagmamadali siyang umahon, kinuha ang tuwalya at habang tinutuyo ang katawan ay tinungo ang silid ng don. Habang papalapit doon ay natigilan siya nang makita ang hitsura ng babaeng nakaupo sa gilid ng higaan ng papa niya habang nag-uusap ang dalawa. Parang bata pa ang babae; hindi nga lang niya matiyak dahil nakaharap ito kay Don Andres na nakasandal naman sa headboard ng kama kaya nakatalikod ito sa kanya. Litaw na litaw ang maputi

at makinis na likod ng babae sa kulay mother-of-pearl gown nito.

Lalo tuloy bumilis ang paglalakad niya at walang pasintabing pumasok sa kuwarto.

GULAT NA NAPATAAS ang ulo ng babae sa biglaang pagpasok ni Carlos sa master's bedroom.

"Ah, *buenas noches*, Carlos. Nagkakilala na ba kayo ni Abigail, Hijo? Siguro nama'y nasabi na sa 'yo kung sino siya?" mahinang pagbati ni Don Andres sa anak na hindi pa rin natitinag sa pagkakatayo at pagkakatitig sa babaeng tinutukoy ng ama.

*Abigail? She's beautiful!* naisip ng binata na hindi naiwasang humanga sa kagandahan ng babaeng kaharap. *Her face... it looks familiar though her name doesn't ring a bell. But I'm sure I've seen her somewhere before.... At sino siya? Anak ng bagong asawa ni Papa? Well, this could turn out to be interesting!*

Dahan-dahan siyang lumapit at humalik sa pisngi ng ama. "*Buenas noches*, Papa," bati niya pero sa babae nakatingin.

Si Abigail naman ay nakatitig din sa kanya.

"Hindi mo ba babatiin ang iyong bagong mama, Hijo? Pero huwag mo na siyang tawaging 'Mama' o 'Tia' dahil hindi babagay sa kanya." Bumaling ito sa babae. "Payag ka na 'Abigail' na lang ang itawag sa 'yo nitong hijo ko?"

Hindi nagpahalata sa ama pero talagang shocked

siya. *Ikaw? Talagang hindi kita kayang tawaging 'Mama' o 'Tia!' Eh, mas matanda pa yata ako sa 'yo! lihim na ngitngit niya.*

*"Buenas noches, Abigail."* Lumapit siya sa babae na hindi pa rin makakibo. Hindi niya maintindihan pero parang may demonyong nagtulak sa kanya at bigla niya itong hinalikan sa pisngi.

Nagulat si Abigail; para itong napasog at napaurong. Ngunit sandali lang at nakabawi rin ito. *"Magandang gabi rin sa 'yo, Carlos. Sorry, hindi ako sanay mag-Español, but don't worry dahil may naiintindihan rin ako. Maligayang pagdating na rin,"* malumanay na pahayag nito.

Hindi niya halos pansin ang sinasabi ng babae at napapatitig lang sa magandang mukha nito. Napakakinis ng kutis nito at mala-krema, hindi puting maputla. Maamo rin ang mga mata nito. Sa kabuuan ay mukha itong isang inosenteng anghel maliban sa full lips nitong sensuous at kissable. Pinigilan niya ang sarili nang mapunta na ang visual exploration sa katawan ng madrasta pero hindi na rin nakaligtas sa kanya ang maliit nitong waistline, bilugang balakang at ang malulusog na dibdib na bakat sa suot nitong damit.

Hirap na ipinaalala niya sa sariling si Abigail ay asawa na ng kanyang papa kaya pilit na inilayo niya ang tingin dito.

*"Excuse me."* Iyon na lang ang nasabi niya, sabay



talikod upang lumabas ng silid.

“Hihintayin ka namin mamaya sa hapunan, Carlos,” pahabol na bilin ng ama.

“PA, MAGHIHILAMOS LANG AKO at magpapalit ng damit. Mamaya na lang natin ito pag-usapan,” mahinang sabi ni Abigail kay Don Andres na sinang-ayunan naman nito.

Pagpasok sa banyo ay bigla siyang napaupo sa two-seater na sofa. Pakiramdam niya ay bibigay na ang kanyang mga tuhod. Mabuti na lang at hindi siya hinimatay kaninang kausap si Carlos. Lalo na nang halikan siya nito!

Napatingin siya sa reflection niya sa katapat na mahabang salamin. Nagba-blush pala siya—dahil sa sobrang nerbyos at excitement. Hindi siya makapaniwalang nagkaharap na rin sila ni Carlos sa wakas. Siguro ay hindi na siya natatandaan nito.

Ang laki na ng ipinagbago niya; una ay dalaga na siya at hindi na katulad ng batang nakilala nito noon na iyakin pa. Wala na rin siyang punto kung magsalita. Bagaman hanggang ngayon ay kulot pa rin at mahaba ang buhok niya, sophisticated na ang ayos niyon. Malaking tulong sa kanya ang course na kinukuha niya.

*Hindi na siya boyish ngayon, naisip niya patungkol kay Carlos. Ang laki na ng katawan! Super guwapo pa rin pero parang ang serious ng dating; parang palaging galit.*

Nag-blush ulit si Abigail nang maalala ang hitsura ng binata kanina. Naka-trunks lang ito at bikini style pa!

*Makilala kaya niya ako? Kung alam mo lang, Carlos. Simula noon ay naging crush na kita, lalo na n'ung palagi kang kinukuwento sa 'min ng papa mo.*

SAMANTALA, habang nagsa-shower naman si Carlos ay pinipilit niyang tanggalin sa kanyang isip si Abigail. Parang ni-re-replay sa kanyang balintataw ang napakaseksi at provocative na ayos nito kanina.

*I can't believe this! I have the hots for my father's wife! No, this isn't right! May sa mangkukulam yata ang isang 'yon. A devil with the face of an angel!*

Marami na rin siyang nakasamang mga babae, lalo na sa Amerika; ang iba nga ay halos labas na ang kaluluwa sa suot pero iba ang attraction na nararamdaman niya para kay Abigail. Ipinilig niya ang ulo para matanggal ang image nito sa kanyang isip saka pinihit ang dial ng shower para cold water ang lumabas.

*Ano kaya siya, another Clara? Akala ko nakaligtas na si Papa sa gold digger na 'yon, but here comes another one.*

Pinatay niya ang shower at naghanda na para sa hapunan. *Well, this time I intend to spoil her plans. I'll watch your every move, Abigail. I'll make sure na hindi mo makukuha ang gusto mo.*

NAKAHANDA NA SI ABIGAIL para sa dinner at tinutulungan na lang si Don Andres na umupo sa wheelchair para pumunta na sila sa dining room.

“Pa,” worried na simula niya, “sa tingin mo ba’y hindi nagalit sa atin ang anak mo? Natatakot akong baka maulit’yung dati.”

“Hija, huwag kang masyadong mag-alala. Sa tingin ko nama’y hindi na lalayas si Carlos ngayon. Bata pa siya noon at siyempre ay mapusok at padalus-dalos na magpasya. At kahit na ano man ang kanyang nararamdaman ay ako pa rin ang masusunod.” Hinawakan ng don ang kamay ng babae para i-reassure siyang walang dapat ipangamba.

“Baka kasi kung ano ang gawin niya. Uuwi na lang kaya ako sa atin sa hacienda.”

“Nang kunin kita sa hacienda’y isinumpa kong hindi ka aalis sa pamamahay na ito kailanman. Ang lahat ng ito ay sa iyo na rin at walang makapagbabago niyon kailanman! Mahal na mahal kita, Hija. Alam mo’y yan, di ba?”

“KUMAIN KA PA NITO, Pa, para lumakas ka,” lambing ni Abigail sa matandang lalaki habang inaabutan ito ng isang pirasong pitso ng manok.

Magkakaharap na sila sa hapunan. Si Don Andres sa kabisera, si Abigail sa gawing kanan nito, katabi ni Doña Julia at si Carlos naman katabi si Randy sa

kaliwang banda.

*Kumain ka pa nito, Pa. Yeah, right. Dapat ay 'Kumain ka pa nito, Lo.'* Nagpuputok ang butse ni Carlos sa nakikitang gawi ng dalawa. Inoobserbahan niyang mabuti ang babae. Kung titingnan, mukhang maasikaso nga si Abigail kay Don Andres. Pero hindi pa rin niya ito pinaniniwalaan.

"Bueno, Carlos, kuwentuhan mo naman kami ng mga nangyari sa iyo sa Amerika. Ano ba ang mga aktibidades mo doon, Hijo? Mayroon ka bang naiwang luhaang señorita doon, ha?" nanunuksong tanong ni Don Andres.

"Wala naman akong masyadong ginawa doon, *Pa,*" ipinagdiinan niya ang huling salita, "mostly trabaho lang. Sa umpisa, kung anu-ano lang, then nakapagtrabaho ako sa isang malaking real estate corporation sa L. A. Marami rin akong mga bagong natutunan na maaari nating i-apply sa mga negosyo natin dito."

Tumango naman ang ama na halatang nasisiyahan sa sinabi niya.

"At ang mga naiwan mo doon?" interesadong paalala ng Doña Julia. "Wala ka bang babalikan doon o kaya'y pasusunurin dito?"

Natigilan si Abigail at pigil ang hiningang hinintay ang isasagot ni Carlos.

"Knowing Carlos, Mama, siguradong maraming gustong sumunod dito sa kanya," sabad ni Randy.

“Kaya nga ang sabi ko, pag hindi niya nakayanang lahat, huwag niyang kakalimutang nandirito lang ako, handang tumulong kahit kailan.”

“Makakaasa ka, ‘Tol,” sagot naman niya sa pinsan.

Nagkatawanan ang lahat saka nagpatuloy na lang silang kumain at napalitan na ang topic.

“CARLOS! It’s so nice to see you again! Ang tagal nating hindi nagkita! It’s been what, seven... eight years? I’m glad you’re back.”

Ito ang narinig ni Abigail mula sa itaas nang pababa na siya galing sa pakikipaglaro ng scrabble kay Randy sa recreation room.

Habang bumababa, nakita niya sa sala si Carlos at ang kausap nito; magkayakap at nagbebeso-beso pa ang dalawa. Parang may kumurot sa kanyang puso sa nakita.

Itinuloy niya ang pagbaba at nang mapansin siya ni Carlos ay binati siya at ipinakilala sa kaakbay na babae.

“Hi, Abigail! Meet Cheenee Ongsiako. She’s a family friend; we grew up together.” Pagkatapos ay bumaling naman ito sa kababata at sa tonong nang-iinsulto ay sinabing, “Cheenee, this is Abigail, my stepmother.”

“Hello, Cheenee. I’m pleased to meet you.”

“Same here, Abigail,” nakangiti ring tugon ng

dalaga na hindi naman nagpakita ng pagtataka sa naging introduction ni Carlos sa kanya. Kumawala ito sa pagkakaakbay ng binata para halikan din si Abigail sa magkabilang pisngi na kahit medyo nagulat ay nakipagbeso-beso na rin.

“If you’ll excuse me, meron pa ’kong aasikasuhin. Maiwan ko muna kayo, Cheenee. I’m sure magkikita pa naman tayo ulit.” Nagmamadali siyang pumunta sa sariling silid. Pakiramdam niya ay hindi na niya makakayanan ang nakikitang sweetness ng dalawa. Pero bago siya nakapasok ay narinig niya ang pagbati ni Randy sa bisita.

“Cheenee! What a surprise! So, kelan ka pa dumating? And how was your trip around the world? You look great!”

## CHAPTER THREE

Lumalamig na ang simoy ng hangin. Mayamaya lang ay lulubog na ang araw. Kahit na nakakaramdam ng pagkaginaw si Abigail sa kanyang pagkakahiga sa tabi ng pool ay hindi niya iyon pinapansin. Ipinikit niya ang mga mata para namnamin ang sandaling iyon. Ito ang paborito niyang gawin kapag gustong mapag-isa at mag-isip.

Isang linggo na mula nang dumating si Carlos pero hanggang ngayon ay hindi pa rin siya direktang kinakausap maliban na lang kung mang-iinis ito o magpaparinig tungkol sa kanila ni Don Andres.

Hindi naman nito derechahang masabi na laban ito sa pagiging mag-asawa nila ng matanda; alam nitong maaaring makasama sa kalagayan ng don ang sobrang sama ng loob. Ngunit lahat na yata ng pagkakataon na may puwedeng sabihin si Carlos para insultuhin siya ay sinasamantala nito.

*Pero bakit gan'on? Dapat magalit rin ako sa 'yo, Carlos; ang sungit-sungit mo kasi sa 'kin. Pero lalo yata akong na-i-in love sa 'yo. Ngayon ko lang kasi nakikitang ang talino mo pala; ang galing mong magdesisyon. At saka sa iba ay ang bait mo.*

Paano siya hindi lalong hahanga rito samantalang

ang Carlos na nakikilala niya ngayon ay mas higit pa sa Carlos na dati niyang pinapangarap.

Napangiti nang mapait si Abigail nang sumagi sa isip niya si Cheenee. Talagang maganda ito. Matangkad din, halos ay kapantay niya, napakaputi, slim at magandang magdala ng damit. Kanina nga ay nakasuot ang dalaga ng blood red na minidress.

“So here you are!”

Nagulat si Abigail sa malakas na boses na iyon. Bigla siyang napadilat. Ngayon lang niya napansing madilim na pala. Naka-shades kasi siya kaya hindi na namalayan ang paglubog ng araw. At marahil ay naidlip siya habang nag-iisip.

“Ipagpaumanhin po ninyo ang pagkakagambala ko sa pagsa-sunbathing ninyo, mahal na Señora, pero ipinasusundo na po kayo para sa hapunan,” pang-iinsulto na naman ni Carlos.

Bigla siyang na-conscious. Pakiramdam niya ay para siyang nakahain sa pagkakahiga kaya kaagad siyang umupo. Hindi niya pinahahalata kay Carlos na ninenerbyos siya sa pagkakatitig nito sa kanya.

“Hindi po kami makakakain hangga’t wala kayo, mahal na Señora,” dagdag pa nito.

“Really? I’m touched to hear that. Sige, pakisabi na lang na susunod na ‘ko,” malambing na sagot niya bago pumasok sa loob.

HINDI NAMAN TALAGA\_pormal na okasyon



ang meals sa mansion; talaga lang maaayos ang bihis ng mga miyembro ng pamilya kapag kumakain. Hindi katulad ng nakagisnan ni Abigail na gawi ng mga karaniwang tao na kung ano na ang suot, kahit pambahay na duster ay puwede na sa pagdulog sa hapag-kainan. At dahil alam niyang kasama nilang magdi-dinner si Cheenee, mas naging mapili siya sa isusuot para hindi siya masyadong mailang sa dalaga.

Natuwa siya sa nakitang paghanga sa tingin ni Carlos sa kanya nang makita na siya. Simpleng sundress lang ang napili niyang isuot; casual lang ito pero naging elegante ang dating niya.

Maayos naman ang kabuuan ng salu-salong iyon: kaunting kuwentuhan, balitaan at kumustahan ng mga magkakaibigang matagal nang hindi nagkita.

“Madaya talaga ‘tong si Cheenee. Kunwari business trip and research daw, but the truth is, pleasure trip ang ginawa niyang tour,” tukso ni Randy.

“Yeah, you should know because you did the same thing,” ganti ng dalaga. “Especially n’ung nasa States pa si Carlos. Pretense lang ang pagdadala mo ng sulat ni Tio Andres para makapag-vacation ka.” Bumaling ito sa kanya. “Don’t believe him, Abigail. Ang totoo, I really needed the trip for my business. You see, I’m an interior designer. Alam mo naman ang competition sa field na ‘yon; kailangan ng constant research.”

“But one whole year?” sabi ni Randy.

“Hey, what’s with you? Bakit parang masama ang loob mo?”

“Because I missed you,” simpleng declaration nito.

“Di sana sumunod ka!” sagot naman ni Cheenee na biglang nag-blush.

“Ahem! Ahem! Am I missing something here? Mukhang may hindi yata ako alam, ah! Could it be...?” pag-interrupt naman ni Carlos.

“Excuse me, masama lang ang loob ko dahil iniwan n’yo ako dito,” mabilis na salo ni Randy. “Alam mo namang si Cheenee lang ang naiinis ko kaya miss na miss ko siya.”

Habang nagtutuksuhan ang dalawa, madalas na nagkakatinginan sina Abigail at Carlos dahil magkatapat ang mga upuan nila. Obvious na attracted ang huli sa madrasta at wala itong ginagawa para itago iyon.

Dahil nako-conscious na, madalas na nakayuko na lang siya. Nagulat pa siya nang kausapin siya ni Doña Julia na kanyang katabi.

“Naku, Abigail! Pagpasensyahan mo na lang ang tatlong ‘yan; ganyan talaga ang mga ‘yan. Anak kasi si Cheenee ng amigo namin. Mga bata pa, magkakasama na sila kahit na hindi magkakaedad dahil nga mas bata si Cheenee kay Carlos ng tatlong taon. Kung hindi lang nga umalis si Carlos patungong

Amerika at nag-aral naman si Cheenee sa France, eh, hindi magkakahiwalay 'yang tatlo."

Sa kabuuan ay naging masaya ang gabing iyon para kay Abigail. Obvious na may special feelings sina Randy at Cheenee para sa isa't isa. Si Carlos naman, mukhang fond lang ito sa dalaga.

Para siyang nabunutan ng tinik. Ngayon ay alam na niyang hindi niya kailangang makipag-compete kay Cheenee para sa attention ni Carlos.

NANG GABI RING IYON, sa kuwarto nila ni Don Andres ay hindi na maitago ni Abigail ang nararamdaman niya.

"Abigail, Hija, bakit kanina ka pa ngiti nang ngiti diyan at di mapakali?" tanong ni Don Andres na nasisiyahan sa nakikitang kaligayahan ng babae.

"Pa, in love na ako kay Carlos!" bulalas niya. Napatitig sa kanya ang matandang lalaki.

"Totoo po, Papa! Mahal ko na si Carlos! Dati, akala ko, matinding admiration lang ang nararamdaman ko. Alam ko kasing wala naman talagang pag-asa na magkatuluyan kami. Pero ngayon, parang may nakikita akong pag-asa." Naupo si Abigail sa gilid ng higaan ni Don Andres at hinawakan ang dalawang kamay nito. "Hindi ko alam kung kelan pa nagsimula pero ngayon ko lang na-realize na naging love na pala 'yon."

"Sinasabi ko na nga ba!" masayang pagtanggap

ng don sa ibinalita niya. "Sabi ko na nga ba't hindi ako nagkamali ng iniisip. Abigail, Hija, pinaligaya mo ako sa sinabi mong 'yan! Kung alam mo lang kung gaano kaligaya...." Nangilid ang luha sa mga mata nito.

"Ako din, Papa, ang saya-saya ko! Ganito pala ang pakiramdam ng in love." Pinisil niya ang mga kamay na hawak niya.

"Sandaling panahon lang at sigurado akong si Carlos naman ang magtatapat sa akin ng nararamdaman niya sa iyo."

"Ayokong umasa... pero talaga, Papa? Sa tingin n'yo puwede 'yon?" Yumakap siya ulit sa matanda. "Magdilang-anghel ka sana, Papa!" At inihilig niya ang ulo sa balikat nito.

"Sigurado ako. Nakikita ko kung paano ka tingnan ni Carlos, Hija. Maaaring sa ngayon ay physical attraction pa lang iyon pero pasasaan ba't mauwi rin 'yon sa pag-ibig," paniniguro ni Don Andres. Itinaas nito ang mukha niya at hinawakan iyon sa magkabilang pisngi. Seryosong tiningnan nito ang kanyang mukha at sinabing, "Sino naman ang hindi magkakaroon ng amor sa isang katulad mo, Hija? Napakaganda mo, mabait at maalalahanin. Lahat ng makakakilala sa 'yo ay mapapaibig mo. Katulad ka ng iyong mama."

"Kaya nga ba mahal na mahal kita, eh. Ikaw lang ang nagsasabi sa akin ng ganyan," pagbibiro niya

para mapagtakpan ang embarrassment sa papuri nito. “Pero, Papa, natatakot ako. Pag nalaman ni Carlos ang totoo, I’m sure he’ll hate me. Paano kung malaman niya ang tungkol sa ‘min ni Nanay?”

“Hindi muna natin ipaaalam sa kanya. Ako ang gagawa n’on, Hija... sa tamang panahon. Hihintayin ko munang labis ka nang mahal ng aking anak bago ko sabihin sa kanya ang katotohanan.”

“Pero paano kung malaman niya kaagad? Paano kung isipin niyang niloko natin siya at lalo siyang magalit?” sunud-sunod na tanong niya. “At saka, papa’no pala ‘yon, ang alam niya’y asawa mo ako. At alam mo din kung ga’no niya kinasusuklaman si Nanay.” Defeated na ang tono niya.

“Maniwala ka lang sa kapangyarihan ng pag-ibig and everything will turn out okay. Hindi ka dapat na mangamba, Abigail, ang tunay na pag-ibig ay kayang lagpasan ang lahat ng pagsubok o anumang hadlang. Hindi ito kayang pigilan ng anuman o ninuman,” madamdaming pahayag nito.

Pinahid ni Don Andres ang luha sa mga pisngi ni Abigail, hinalikan siya sa noo saka tiningnan na parang nakikiusap na magtiwala sa sinabi nito.

HINDI ALAM NI CARLOS kung ano ang sakit na bigla niyang nadama nang makita sina Abigail at Don Andres sa ganoong ayos—magkatabing nakaupo sa higaan, parehong nakasandal sa headboard ng kama.

Ang ulo ni Abigail ay nakahilig sa kanang balikat ng kanyang ama at nakayakap pa sa baywang nito; ang don naman ay nakaakbay ang kanang braso kay Abigail habang pinapahid ng kaliwang kamay nito ang luha sa pisngi ng babae.

Mayroon sana siyang sasabihin sa kanyang papa na hindi na niya maalala ngayon kung ano, kaya siya nagpunta sa master's suite. Nakabukas ang pinto ng sala niyon at pati na ang bedroom. Kakatok na sana siya nang mabungaran ang ganoong eksena. Natigilan siya at nagmamadaling lumabas para magtungo sa kanyang silid. Alam niyang hindi siya nakita ng dalawa.

Bago sa kanya ang pakiramdam na iyon. Ni hindi siya sigurado kung ano ang dahilan niyon.

MAG-UUMAGA NA pero gising pa rin si Carlos. Hanggang ngayon ay si Abigail pa rin ang naiisip niya. Iba-ibang images nito ang naglalaro sa kanyang imahinasyon.

Una, si Abigail na nakita niya sa tabi ng pool. Kamuntik na siyang madapa nang madatnan itong nakahiga roon na parang goddess na iniaalay ang sarili sa buwan. Parang luminous ang kutis nito dahil sa liwanag ng floodlights sa garden. Perfect ang complexion nito—makinis at very clear. Ang tagal niya itong tinitigan bago nilapitan at kinausap.

*Why did she have to be so beautiful?* naisip niya.

Naalala pa niya nang bigla itong tumayo at umalis. Wala siyang nasabi sa huling naging sagot nito sa pang-iinsulto niya, paano ay muntik na siyang mabulunan sa paglunok sa nakitang ganda ng hubog ng katawan nito. Hindi bulgar at disente pa nga ang suot nitong bathing suit pero ang tindi ng naging effect sa kanya; tinalo pa ng naramdaman niya sa nakitang mga babaeng nagsa-sunbathing na nude sa mga beaches at pools sa Amerika.

Pangalawa, si Abigail na bumaba para sa dinner. Mistula itong isang prinsesa habang papalapit sa kanila. Lalo pa siyang na-attract dito nang makita niya ang iba pa nitong mga katangian.

*Matalino pala siya. She's charming, witty and oh, so beautiful! I just couldn't take my eyes off her. Parang kahit magdamag ko siyang titigan ay hindi ako magsasawa.*

At pangatlo, si Abigail na umiiyak at kino-comfort ng papa niya. Naguluhan siya sa sakit na nadama niya dahil sa alaalang ito.

*Damn you, Woman! Ano 'tong ginagawa mo sa 'kin? Why can't I get you out of my mind?*

Napasigaw na lamang siya na parang nasasaktan. Nagpabiling-biling siya sa pagkakahiga at sinabunutan ang sarili. "Damn you, Abigail! Damn you!" sigaw niya ulit.

Hindi niya maintindihan kung bakit hindi niya makontrol ang kanyang isip at emosyon samantalang pinag-aralan pa niyang gawin iyon as a form of

self-preservation; para mailigtas niya ang sarili sa lahat ng maaaring makasakit ulit sa kanya. On call lang ang lahat sa kanya, mararamdaman lang niya o iisipin kung ano ang kanyang gustuhin. Ngunit bakit ngayon ay hindi niya magawa?

Inisa-isa niyang i-assess ang mga nadarama.

*God! I want her! That must be it... mere physical attraction, nothing more than good, old-fashioned lust!*

Ngunit bakit tila hindi siya satisfied sa revelation na iyon? Kung lust lang iyon, bakit siya nasasaktan kapag naaalala ang image ng dalawa kanina? Alin ba talaga ang mas masakit para sa kanya—ang nakitang ayos ng kanyang papa at ni Abigail o dahil hindi siya ang kasama ng babae?

Matagal na hinanapan ni Carlos ng kasagutan ang mga katanungang ito. At hindi siya masaya sa natuklasan.

*Why do I want to take her in my arms, wipe away her tears and assure her that she need not cry because I'm here? Why do I have this feeling na gagawin ko lahat, huwag ko lang siyang makitang umiiyak uli? Maloloko na yata ako sa kakaisip! Ano 'tong ginagawa mo sa 'kin, Abigail!*